Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-13 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 02 MAYO 2007, IKA- 9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Cesar T. Baticos	- Tagapangulo
Konsehal Agustin I. Cusi	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Mae Arlene M. Talens	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Herman C. Erorita	
Konsehal Gemar C. Montesa	
Konsehal Jovito D. Estrada	
Konsehal Larry V. Salazar	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Pangulo, Pambayang Pederasyon ng mga Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo: WALA

KAPASYAHAN BLG. 019
Taong 2007

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG NAGING KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO, KGG. JOSE (PEPE) T. CORREA.

SAPAGKA'T, ang pagpanaw sa daigdig ng isang naging kasama sa gawain sa paglilingkod sa bayan ay isang pangyayaring ikinalulungkot at dinaramdam ng mga naiwang kasamahan at kaibigan;

SAPAGKA'T, si Kgg. Jose T. Correa ay naging miyembro ng Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro mula Marso, 1980 hanggang Abril, 1086 at sa panahong ito ay nagpamalas ng dedikasyon sa paglilingkod para sa kabutihan ng mga mamamayan;

SAPAGKA'T, bilang isang kagawad, ipinakita niya ang tapang at lakas ng loob sa pagsuporta at pagtatanggol sa mga gawaing nagsasabatas at naglalayong paunlarin at itaguyod ang kapakanan ng nakararaming mamamayan;

SAPAGKA'T, sa panahong ito ng panunungkulan, nagpamalas siya ng pagmamahal sa tungkulin, sa pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa mga mamamayan, pagdinig at pag-unawa sa mga pangangailangan ng mga ito para sa maunlad at matiwasay na pamumuhay;

SAPAGKA'T, sa kanyang mga kasabay sa gawain, sa kanyang komunidad at sa mga taong pinaglingkuran, si " Manong Pepe " tulad ng tawag sa kanya ay naging mabuting kasama, kaibigan at lingkod-bayan at ang kanyang paglisan ay ipinagdadalamhati ng mga naiwan.

SAPAGKA'T, ang Sangguniang Bayan ng bayang ito, ang mga namumuno at mga kawani ay nagpapaabot ng pakikiramay at pakikidalamhati sa kanyang naiwang pamilya sa pagpanaw ng isang lingkod-bayan, Kgg. Jose T. Correa.

DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat -

IPINASYA tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa pamilya ng yumaong naging konsehal ng bayang ito, G. Jose T. Correa ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa maybahay, mga anak at kamag-anak ng namayapang Kgg. Jose T. Correa lakip ang lauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay ng lahat. 02 Mayo 2007

PINATUTUNAYANG WASTO:

FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:

CESAR T. BATICOS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

merz/
050207